Awtorisadong Gumagamit
Authorized User

Pangalan ng Benepisyaryo
Numero ng ID ng WA Cares (kung alam)

Ano ang isang Awtorisadong Gumagamit?

Ang isang awtorisadong gumagamit ay isang taong pinili mo upang payagang magkaroon ng access sa iyong WA Cares Fund account para tulungan ka sa iyong malinaw na direksyon at nang may iyong buong kaalaman, pahintulot, at kontrol.

Ano ang maaaring gawin ng isang Awtorisadong Gumagamit?

Nang may iyong kaalaman at pahintulot, sa iyong malinaw na direksyon, at sa ilalim ng iyong kontrol, ang isang awtorisadong gumagamit ay maaaring:

- Mag-access sa iyong online na WA Cares account sa pamamagitan ng kanyang sariling login.
- Tulungan ka sa pag-access at pag-navigate sa iyong online na WA Cares account, kabilang ang pagkumpleto ng mga online na application at form at paggawa ng mga pagpili sa iyong WA Cares account tungkol sa iyong mga benepisyo sa WA Cares sa pamamagitan ng kanilang sariling user profile.
- Mag-access sa iyong impormasyong protektado ng HIPAA na available sa iyong WA Cares account.
- Makipag-ugnayan sa WA Cares tungkol sa iyong application, mga benepisyo, at mga serbisyo sa WA Cares.

Hindi maaaring gawin ng isang awtorisadong gumagamit ang mga sumusunod:

- Pangasiwaan ang iyong mga benepisyo sa WA Cares para sa iyo o gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong application, mga benepisyo o mga serbisyo sa WA Cares nang wala ang iyong kaalaman, pagsang-ayon, pahintulot, o kontrol.
- Pumirma sa anumang application, form, pagpapatunay, o pumasok sa anumang kasunduan sa sinuman kabilang ang sa Department of Social and Health Services o sa mga provider ng pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyong medikal, para sa iyo.
- Aprubahan ang mga paunang awtorisasyon para sa mga serbisyong direkta nilang ibinibigay sa iyo.

Kailangan ko ba ng isang Awtorisadong Gumagamit?

Hindi, hindi ka kinakailangang magkaroon ng isang awtorisadong gumagamit. Ang pagtatalaga ng isang awtorisadong gumagamit ay opsyonal at hindi magkakaroon ng anumang epekto sa iyong mga benepisyo o pagiging kwalipikado. Maaari mong alisin ang isang awtorisadong gumagamit anumang oras sa pamamagitan ng iyong online na WA Cares account o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa WA Cares.

Ang isang Awtorisadong Gumagamit ba ay isang Legal na Kinatawan?

Ang isang awtorisadong gumagamit ay hindi isang legal na kinatawan. Hindi tulad ng isang legal na kinatawan, ang isang awtorisadong gumagamit ay maaari ka lamang tulungan sa iyong malinaw na direksyon at hindi maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong application, mga benepisyo, mga serbisyong natatanggap mo, o mga provider kung saan mo natatanggap ang mga serbisyong iyon. Hindi tatanggapin ng WA Cares ang lagda, pagpapatunay, o pahintulot ng isang awtorisadong gumagamit bilang kapalit ng sa benepisyaryo nang walang legal na dokumentasyon.

Kung gusto mong magtalaga ng isang tao na magkakaroon ng awtoridad na gumawa ng mga desisyon para sa iyo, dapat kang magbigay ng legal na dokumentasyon na nagpapakita ng pagtatalaga sa taong iyon bilang iyong legal na kinatawan. Maaari mong gamitin ang iyong sariling form o isang form na Limitadong Power of Attorney para sa Mga Benepisyo ng WA Cares Fund.

Paano kung mayroon na akong Legal na Kinatawan?

Kung mayroon ka nang legal na kinatawan, maaari kang magbigay ng kopya ng legal na dokumentasyon sa WA Cares. Dapat magkaroon ang WA Cares ng kopya ng iyong legal na dokumentasyon na naka-file para mapangasiwaan ng iyong legal na kinatawan ang iyong mga benepisyo para sa iyo.

Barcode Label Here

Awtorisadong Gumagamit
Authorized User

Pangalan ng Benepisyaryo
Numero ng ID ng WA Cares (kung alam)

Kumpletuhin at isumite ang form na ito:	**Impormasyong kakailanganin mo:**
May tatlong paraan para kumpletuhin at isumite ang form na ito: **Online:** Ang isang elektronikong bersyon ay maaaring kumpletuhin at lagdaan sa pamamagitan ng iyong online na WA Cares account. **I-upload:** Kumpletuhin at lagdaan ang form na ito. I-upload sa iyong online na WA Cares account. **Ipadala sa koreo sa:** DSHS The WA Cares Fund PO Box 45612 Olympia, WA 98504-5612	• Ang iyong buong pangalan • Ang iyong tirahan at numero ng telepono • Ang Iyong Numero ng ID ng WA Cares (kung alam) • Buong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iyong awtorisadong gumagamit. **Kailangan ko ng tulong sa form na ito:** Makipag-ugnayan sa WA Cares para sa tulong: **Tumawag sa:** 844-CARE4WA (844-227-3492) **Bumisita:** www.wacaresfund.wa.gov **Mayroong tulong sa wika:** • Mga serbisyo ng interpreter sa wika • Mga serbisyo sa sign language • Braille • Ang mga gumagamit ng TTY/TDD ay mag-dial sa 1-800-833-6384

Impormasyon ng Benepisyaryo

Buong pangalan	Numero ng telepono	Numero ng ID ng WA Cares
Tirahan ng kalye	Lungsod	Estado Zip Code
Address para sa Koreo (opsyonal)	Lungsod	Estado Zip Code

Impormasyon ng Awtorisadong Gumagamit

Buong pangalan	Numero ng telepono	Numero ng ID ng WA Cares
Tirahan ng kalye	Lungsod	Estado Zip Code

Gaano katagal mo gustong tulungan ka ng iyong awtorisadong gumagamit?
☐ Isang taon ☐ Walang expiration / Hindi mag-e-expire ☐ Partikular na petsa:

Privacy

Pinipigilan ng mga restriksyon ng HIPAA (isang batas ng U.S. para sa privacy ng impormasyong pangkalusugan) at iba pang mga batas sa privacy ang WA Cares sa pagbabahagi ng kumpidensyal na impormasyon ng account ng isang benepisyaryo o protektadong impormasyong pangkalusugan sa sinuman, maliban kung ang benepisyaryo ay nagbigay sa WA Cares ng partikular na pahintulot na ibahagi ang impormasyong ito.

Sa pagtatalaga ng isang awtorisadong gumagamit gamit ang form na ito, nagbibigay ka ng pahintulot sa WA Cares na ibahagi ang impormasyong protektado ng HIPAA, kabilang ang impormasyong pangkalusugan at kumpidensyal na impormasyon ng account, pati na rin ang impormasyon tungkol sa mga application sa WA Cares at mga benepisyo sa WA Cares, sa iyong itinalagang awtorisadong gumagamit.

Barcode Label Here

Awtorisadong Gumagamit
Authorized User

Pangalan ng Benepisyaryo
Numero ng ID ng WA Cares (kung alam)

Awtorisasyon

Sa pagpirma sa form na ito, kinikilala ko na:

Itinatalaga ko ang indibidwal na pinangalanan sa itaas bilang aking awtorisadong gumagamit upang tulungan ako sa aking mga benepisyo sa WA Cares sa paraang inilarawan lamang dito.

Ang indibidwal na pinangalanan sa itaas ay hindi ko legal na kinatawan at hindi maaaring gumawa ng anumang desisyon tungkol sa aking WA Cares account o mga benepisyo bilang kapalit ko o para sa akin nang walang legal na dokumentasyon na nagpapakita na ang indibidwal ay may awtoridad na gawin ito.

Hindi tatanggapin ng WA Cares ang lagda, pagpapatunay, o pahintulot ng indibidwal na pinangalanan sa itaas para sa anumang bagay bilang kapalit ko nang walang legal na dokumentasyon na nagpapakita na ang indibidwal ay may awtoridad na gawin ito.

Pinahihintulutan ang WA Cares na ibahagi ang aking kumpidensyal na impormasyon, kabilang ang impormasyon tungkol sa aking application sa WA Cares, mga benepisyo, at kaugnay na impormasyong pangkalusugan, sa indibidwal na pinangalanan sa itaas.

Ang awtorisasyon na ito ay magwawakas sa petsang tinukoy sa itaas o kung wala na akong kakayahang magdirekta sa awtorisadong gumagamit.

Kung hindi makapirma ang aplikante, maaari silang maglagay ng markang “X” at dapat itong lagdaan ng isang saksi. Upang malagdaan ng isang legal na kinatawan, dapat magbigay ng dokumentasyon sa WA Cares.

Lagda ng Aplikante	Petsa	Nakalimbag na Pangalan	Lungsod at Estado Kung Saan Nilagdaan
Lagda ng Legal na Kinatawan Lagda (kung naaangkop)	Petsa	Nakalimbag na Pangalan	Lungsod at Estado Kung Saan Nilagdaan
Lagda ng Saksi (kung nilagdaan ng isang X)	Petsa	Nakalimbag na Pangalan	Lungsod at Estado Kung Saan Nilagdaan

Barcode Label Here